## Pananalapi sa Iglesia

Linggo 18 Ang mga salapi na ginugugol para sa: 1. Mga Pastor 2. Mga Misyonero at 3. Mga balong babae kung kinakailangan (i.e. mga asawa ng mga manggagawa). Kung nadidisipulo ang mga tao na nasa inyong Iglesia, susupurtahan nila ang mga gawain o ministerio nito. Ang Iglesia na hindi nakakabayad ng kanyang mga bayarin ay isang kahihiyan para sa pangalan ni Hesus. Dapat humingi siya ng paumanhin sa mga nautangan niya at agad na ayusin ang mga problema, at isaalang-alang ang isang pagbabago sa pamunuan ( sa 1 Timoteo 3 ang mga Lider ay dapat magkaroon ng magandang reputasyon sa komunidad) at "yon ang dapat unang mapapatunayan." Pag-aralan sa 2 Mga Hari 4:7 Kawikaan 3:9-10, 27-29, 1 Mga Taga-Corinto 9:1-27, 1 Timoteo 5 ("Pagpaparangal" = Pagsusuporta). Ang mga Pastor ay dapat bigyan ng tamang suporta sa kanilang " pagpapakain ng mga tupa" (Juan 21), ang ibig sabihin, upang matiyak na ang bawat Kristiyano ay umabot sa kaniyang pagiging ganap ayon sa isinulat sa mga taga-Colosas 1:28 (Isaulo ang mga talatang ito).

## Ang Nagkasalang Kapatid sa Panginoon

Linggo 19 Ang kasalanan ay isang malaking responsibilidad para sa mga lider ng Iglesia. Kung hindi nila harapin ang usapin tungkol sa kasalanan, ang mga lider mismo ang nagkakasala. ISULAT ang TIYAK na mga HAKBANGIN na dapat tandaan ng mga lider. Sa 1 Corinto 5, paunawa, kung saan ikaw mismo ang sisira sa inyong Iglesia kung ito ay basta na lamang ninyo pababayaan. Sa Mateo 18, 1 mga taga-Corinto 4:14-5:13, 1 Timoteo 5:19-25 at sa Filemon (tungkol ito sa pagbabalik-loob ng isang kapatid).

## Mula sa Bagong Tipan na mga Titulo na inyong Malalaman

Mga taga-Efeso 4:11-17 (BASAHIN ang mga kapitulo)

**Apostol** - Mga tao na si Hesus mismo ang nagturo ang nagbigay ng titulo na ito sa kanila at nagkaloob sa kanila ng kapangyarihan sa paggawa ng mga himala na mababasa sa Mateo 10:1-10. Itong himala na nagagawa nila ay "mga tanda ng isang Apostol" ayon sa 2 Corinto 12:12.

**Ang mga Propeta** - Ang Lumang Tipan na mga Propeta at marahil ang ilang mga propeta na nakasulat sa aklat ng mga Gawa. Pansinin na sa aklat ng Efeso 2:20, ito ang literal na pagbasa "Ang mga Apostol na sila rin ang mga Propeta." Si Jesus at ang mga Apostol na mga Propeta rin, ay ang pundasyon kung saan ikaw ay itinayo." Mga Ebanghelista at mga Pastor – mga Guro, nangangaral LAMANG ayon sa PUNDASYON na ITO!

**Mga Ebanghelista** - mga tao na pinapahayag ang mabuting balita ni Jesu Cristo. **Ang mga Pastor na mga Guro** (ito ay ang literal ayon sa griyegong pagkasulat) - PASTOR ay isang salita tungkol sa Pastol ng hayop na nag-aalaga ng mga Tupa. Pinapakain nila ang tao sa pamamagitan ng Pagtuturo. Ang ilang mga salita ay naglalarawan ng kanyang gawain:

a. 1 Timoteo 3:1-2 "ang gawain ng isang nangangasiwa o Obispo" o sa literal na griego "episcopos" ay nangangahulugang Katiwala o isang Kapatas sa isang lugar ng trabaho.

b. Tito 1:5-9 ang mga nangangasiwa o Obispo ay mga Matatanda ("presbuteros" na ibig sabihin sa literal ay mga taong matagal na). Sila ang mga tao na hindi mga bago!

c. Mga gawa 20:17 ang mga matatanda AY Mga tagapangasiwa (sa v. 28) at mga Pastor (o isa na parang Pastol na nagpapakain ng mga hayop). Wala nang iba pang mga Lider sa isang lokal na Iglesia. Sila lamang ang mga nakasulat dito:

1. Mga MATATANDA (mga taong matagal na o mga Presbeterio). 2. Mga TAGAPANGASIWA (isang tao na namamahala ng mga bagay o sa salitang griyego na "episcopos"). 3. Ang mga PASTOR o mga PASTOL (Isang nangangalaga o nagbabantay ng mga Tupa). Tandaan na ang mga ito ay isang GRUPO ng mga Kalalakihan at hindi kailanman "iisang tao" lamang. Ang isang tao na kasama ng iba pang mga tao na mayroong espesyal na pagsasanay, ang ibig sabihin siya ay "Pastor na isang Guro rin." Siya ay naglilingkod kasama sa iba pang mga Lider sa Iglesia.

2016 by Dennis Dickinson whitestonemissions.com

# ANG PROGRAMA NG PAGSASANAY NG PAGDIDISIPULO AYON SA BIBLIYA

## Bahagi III

## PAGSASANAY NA PARA SA MGA LIDER NG IGLESIA

Ayon sa 2 Timoteo 3:16-17 ang Banal na mga Kasulatan, ay mula sa Hininga ng Diyos. Ito ay magbibigay ng kasangkapan na ang isang tao maging karapatdapat para sa mabubuting gawa na gagawin niya para sa Panginoon. Sa Juan 8 sinabi ni Jesus na sa pamamagitan ng kanyang Salita (mga turo), ang isang tao ay palayain niya mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Ang pag-aaral na ito ay alinsunod o batay sa mga pamamaraan na mula sa Biblia sa pagsasanay sa iyo tungkol sa pamumuno. Tandaan mo, para sa Diyos, ang lahat na bagay na tungkol sa pag-uugali mo ay mahalaga. Ang pagkaroon ng masamang pag-uugali sa halip na ugaling maka-diyos ay malinaw sa Santiago 3-4. Ang marunong na tao ay kilala "sa pamamagitan ng kanyang mabuting pag-uugali."

## Panimula

1. Ang mga Lider ng Iglesia ay laging pinipili dahil sa kanilang mabuting pag-uugali at katapatan sa Panginoon. Sa 1 Timoteo 3 at Tito 1, laging ang pumipili sa kanila ay ang ibang mga lider (hindi ang mga sarili nila)

2. Ang mga Lider ng Iglesia ay dapat sila ang nangunguna! Kapag walang silang ginagawa ang ibig sabihin ay hindi sila nangunguna at dapat na magbitiw sa posisyon na kanilang hinahawakan upang mabigyan ng pagkakataon ang ibang tao na mangunguna din naman. Gayunman, kapag nag-aaral, ang mga Alagad ay pumupunta kay Jesus. Sa simula sila nakikinig lang muna, at ang kasunod, sila na ay naglilingkod. Sunod, lumalabas na sila para maglingkod sa iba. Pagkatapos, sila ay nangunguna na rin sa iba.

3. Ang mga Lider ng Iglesia ay kailangan na may kaalaman tungkol sa mga pangunahing katuruan ng Biblia. Hindi tinuturan ni Jesus ang kanyang mga alagad tungkol sa pangunahing katuruan ng Biblia. Sapagkat, BAGO pa man sila tinawag na maging alagad, sila ay mayroon nang kaalaman tungkol diyan. Ang pag-aaral na ito ay ipinagpapalagay na gaya ng mga alagad, ay may alam ka na rin tungkol sa Biblia. Sa simula pa lamang, ang isang Lider ng Iglesia ay dapat nabasa na niya ang buong Biblia. Pagkatapos, ang pagiging mahusay sa susunod na mga aklat ay magsasanay sa isang lider sa Iglesia sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabasa na bawat bahagi o seksyon kahit man lang sa loob ng dalawang lingo. Ito ay kanyang ginagawa habang siya ay naglilingkod sa Panginoon.

Ang Gabay sa Pag-Aaral na ito ay ay sumasaklaw sa mga Aklat ng Banal na Kasulatan na naglalarawan ng pagpipili ng mga lider sa Iglesia. Walang sinuman ang Pumipili o Nagtatalaga mismo sa kanyang Sarili at kahit pa ang mga Apostol mismo ay maari pa rin sila tanggalin sa kanilang posisyon. ang kanilang mga sarili ay hindi exempt mula sa pagiging inalis, sabi ng mga taga-Galacia 1 – Tandaan ninyo si Judas!

ANG MGA LIDER AY SINASANAY SA PAMAMAGITAN NG PAGGAWA! Ang mga Lider na mga sinasanay ay dapat kasama sa mga Lider na nasa lugar na kung saan sila ay naglilingkod. Ang mga sinasanay na lider sila ay manonood lg muna at tutulong, gaya ng mga ginagawa ng mga Alagad. Dapat sila ay dadalo sa mga pulong ng mga Lupon ng Iglesia at nakikipag-usap; kahit na walang kapangyarihan. Sa loob ng dalawang buwan, dapat ang kanilang pangalan ay naipaskil, o dapat alam ng lahat ng tao sa Iglesia, na sila ay isinasama sa mga ituturing na isa sa magiging lider o mamumuno sa Iglesia. Dahil dito, binibigyan ng pagkakataon ang mga tao na ipahayag ang kanilang saloobin tungkol sa mga pag-uugali ng mga kilalaning lider. Pagkatapos ng dalawang buwang palugit, kukumpirmahin na ang mga kikilaning lider. Walang sinuman na nagiging lider ng Iglesia sa pamamagitan ng pagboto. "Hayaan ninyo na sa simula, kailangan na mapatunayan nila ang kanilang sarili." 1 Timoteo 3

## Kurso Ng Pagsasanay Tungkol Sa Pamumuno

Araw-araw basahin ang bawat bahagi o seksyon araw-araw kahit man lang sa loob ng isang linggo. Ituon ang pansin sa mga Lider, Pahirang ng mga Lider, Mga Nakasanayang Gawin ng Iglesia at kung Ano ang kanilang mga Ginagawa at mga Hindi Ginagawa.

**Ebanghelyo ni Juan** Ito ang Mabuting Balita para sa mga Kristiyano. Sumasagot sa mga tanong na: Sino, Ano, Kailan, Saan, Bakit at Paano para sa lahat. Ang aklat na ito ay dapat makabisado ng husto ng bawat manampalataya. Ilarawa kung ano ang ginagawa ng Banal na Kasulatan, Ano ang Ginagawa ni Jesus, kung ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu at kung ano ang dapat gagawin ng mga Mananampalataya. Mga tagubilin kung sino ang may obligasyon at ano ang kanyang obligasyon!

Linggo 1 Juan 1-6
Linggo 2 Juan 7-12
Linggo 3 Juan 13-21

**Mga Gawa** Simula ng Kristiyanismo at ang pagbabago mula sa mga Hudyo sa Jerusalem hanggang sa pinakasulok ng daigdig, o sa Iglesia ng mga hindi Judio.

Linggo 4 Gawa 1-6
Linggo 5 Gawa 7-11
Linggo 6 Gawa 12-16
Linggo 7 Gawa 17-22
Linggo 8 Gawa 23-28

**1 Timoteo** Pinapaliwanag ang Istraktura ng isang Lokal na Iglesia. Ibigay ang kahulugan ng bawat salita sa pangkat 3 ng aklat na ito. Tandaan ang salitang"kinakailangan" sa 1 Timoteo 3:15

Linggo 9 1 Timoteo

**2 Timoteo** Pinapaliwanag pagiging Disipulo Discipleship sa isang Lokal na Iglesia. Sino? Paano?

Linggo 10 2 Timoteo

**Tito** Pagsisimula ng isang Lokal na Iglesia. Paano? Linggo 11 Tito

**1, 2 mga taga-Corinto** Pag-sasaayos ng mga nasirang Lokal na Iglesia = Ang ISIP NI KRISTO!

Linggo 12 1 mga taga-Corinto 1-9
Linggo 13 1 mga taga-Corinto 10-16
Linggo 14 2 mga taga-Corinto 1-13

**Mga Taga-Galacia** sa Pagpapanumbalik ng pangangaral ng Mabuting Balita sa isang Lokal na Iglesia. Linggo 15 Mga taga-galacia

**Paano Pakikitunguhan ang mga Bagong Kristiyano**

Linggo 16 1, 2 mga taga-Tesalonica
Filemon (Pamamagitan)

**Ang Kaayusan ng isang Lokal na Iglesia**

Linggo 17 Santiago